



# BASIKONG PAG-AARAL AT PAGLALAPAT NG MGA HAMON SA KAKAYAHANG KOMUNIKATIBO AT KASANAYAN SA PAGKATUTO SA FILIPINO: TUGON SA PAGBUO NG KASANGKAPAN SA PAGTUTURO

Jen Khettle Villa-Empamano

## ABSTRACT

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa masusing pagsusuri sa basikong pag-aaral at paglalapat ng mga hamon sa kakayahang komunikatibo at kasanayan sa pagkatuto sa Filipino, bilang tugon sa pagbuo ng kasangkapan sa pagtuturo na naglayong makuha ang antas ng basikong pag-aaral at paglalapat ng mga hamon sa kaalaman batay sa Hamon sa Pagbasa (dyslexia), at antas ng basikong pag-aaral at paglalapat ng mga hamon sa kaalaman batay sa Hamon sa Pagsulat (dysgraphia). Kabilang din sa layunin ang makuha ang antas ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral batay sa pagtatasa, at ang antas ng kasanayan sa pagkatuto sa Filipino batay sa performance task. Higit pa rito, layunin ng pag-aaral na matukoy ang makabuluhang epekto sa Hamon sa Pagbasa (dyslexia) at Hamon sa Pagsulat (dysgraphia) sa kakayahang komunikatibo at kasanayan sa Pagkatuto sa Filipino.

Gumamit ang pag-aaral ng isang deskriptibong metodong kwantitatibo upang siyasin ang epekto ng mga hamon sa 71 mag-aaral na nakaranas ng mga hamon sa basikong pag-aaral at paglalapat, na walang medikal na dayagnosis. Ang mga tagatugon ay pinili gamit ang purposive sampling. Ang mga datos ay sinuri gamit ang mean, standard deviation, remarks, at verbal interpretation mula sa pananaw ng mga tagatugon. Ang disenyong ginamit ay deskriptibong paraan.

Batay sa kinalabasan, lumabas sa pag-aaral na ang antas ng basikong pag-aaral at paglalapat ng mga hamon sa kaalaman batay sa hamon sa pagbasa (dyslexia) ay nailapat. Samantala, sa hamon sa pagsulat (dysgraphia), ay lubos na nailapat. Ayon sa pagtatasa ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral, nagtamo ng kasiya-siya o satisfactory ang pagbasang pagtatasa, at lubos na kasiya-siya ang pasulat na pagtatasa. Sa antas ng pagkatuto sa Filipino batay sa performance task, nagtamo ng katangi-tangi o outstanding sa pagbasang gawain, at lubos na kasiya-siya sa pasulat na gawain. May makabuluhang epekto sa pagitan ng basikong pag-aaral at paglalapat ng mga hamon sa kaalaman batay sa Hamon sa Pagbasa (dyslexia) subalit walang makabuluhang epekto sa Hamon sa Pagsulat (dysgraphia).

Ang pag-aaral ay nagpakita ng may makabuluhang epekto sa pagitan ng basikong pag-aaral at paglalapat ng mga hamon sa kaalaman batay sa Hamon sa Pagbasa (dyslexia) sa kakayahang komunikatibo at kasanayan sa pagkatuto sa Filipino ng mga mag-aaral kung kaya ang haypotesis ay hindi tinanggap. Ito ay nangangahulugang habang tumataas ang antas ng kaalaman sa hamon sa pagbasa, mas nagiging mahusay sa pagpapahayag sa kakayahang komunikatibo at sa kasanayan sa pagkatuto. Gayunpaman, walang makabuluhang epekto sa pagitan ng basikong pag-aaral at paglalapat ng mga hamon sa kaalaman batay sa Hamon sa Pagsulat (dysgraphia) sa kakayahang komunikatibo at kasanayan sa pagkatuto sa Filipino. Dahil dito, ang haypotesis ay tinanggap ang implikasyon na ito ay nagpahiwatig na ang mga mag-aaral na nakaranas ng hamon sa pagsulat (dysgraphia) ay hindi gaanong naapektohan ang kakayahang komunikatibo at kasanayan sa pagkatuto sa Filipino.

Iminungkahi na mahalagang magsagawa ng masusing pagsusuri sa mga hamong kinahaharap ng bawat mag-aaral upang matugunan ang kanilang pangangailangan kaugnay ng pagbasa at pagsulat.

**SUSING SALITA:** Basikong Pag-aaral, Hamon sa Pagbasa (dyslexia), Hamon sa Pagsulat (dysgraphia), Kakayahang Komunikatibo, Kasanayan sa Pagkatuto, at Pagtatasa.

## PANIMULA

Ang pagkatuto ay isang walang katapusang paglalakbay ng kaalaman at karanasan, kung saan bawat hakbang ay nagbubukas ng bagong pinto ng oportunidad at pag-unlad. Sa mundo ng mabilis na pagbabago, mahalaga ang paglinang ng kasanayan sa pagkatuto upang mapabuti ang pag-unawa, pag-analisa, at pagpapahalaga. Mahalaga ang pagkatuto sa pagtuturo dahil ito ay napauunlad ang utak at pag-iisip, nakapagpapabuti ng kaalaman, nagkakaroon ng karunungan, at higit sa lahat ay nagagamit sa makatotohanang pangyayari sa buhay ang kaalamang natamo.

Ang mga mag-aaral na may sapat na kasanayan sa pagkatuto ay mas matagumpay sa akademikong proyekto at pagsusulit. Ang kakulangan sa kasanayan ay nagdudulot ng mababang

pagganap na maaaring makaapekto sa hinaharap. Para sa mga may hamon sa basikong pag-aaral, ang pagkamit ng kasanayan sa Filipino ay mapanghamon, na maaaring magdulot ng pagkadismaya, pag-aalinlangan sa talakayan, at kahirapan sa ugnayang panlipunan.

Ayon sa pag-aaral ng Philippine Business for Education, maraming mag-aaral ang nahihirapan sa kanilang mga asignatura dahil sa kawalan ng wastong kasanayan sa pagkatuto. Sa konteksto ng pagtuturo ng Filipino, ang kasanayan sa pagkatuto ay nagbibigay daan sa pag-unawa sa wika at kultura ng mga mag-aaral. Ang kawalan ng kasanayan sa pagkatuto ay nagiging sanhi ng mababang akademikong pagganap ng mga mag-aaral (DepEd, 2020).



Sa kasalukuyan, ang pagkakaroon ng hamon sa basikong pag-aaral at paglalapat ng kaalaman ay isang malaking hamon sa paggamit ng komunikasyon. Saklaw nito ang iba't ibang kahirapan na humahadlang sa kakayahan ng isang indibiduwal sa aspeto at proseso ng pagkatuto. Ang mga kahirapang ito ay nauuri ayon sa istatus o kalagayan ng mga mag-aaral mula sa International Classification of Functioning, na kinabibilangan ng dyscalculia (hamon sa pagbibilang at kalkula), dyslexia (hamon sa pagbabasa), dysgraphia (hamon sa pagsulat), at hamon sa ispelang.

Ayon sa pananaliksik ni Bhatt (2020), karamihan sa mga karaniwang kapansanan sa pag-aaral na nakabatay sa wika ay dyslexia, dysgraphia, at dyscalculia. Sinasabing ito ang pinakakaraniwang dahilan ng mga isyu sa pagsulat, pagbasa, at pagbabaybay ng mga taong nakararanas ng hirap sa pagbabasa. Sa katunayan, 70-80% ng mga taong may kahirapan sa pagbabasa ay malamang na may ilang uri ng dyslexia. Tinatayang nasa pagitan ng 5-10% ng populasyon ang may dyslexia, ngunit ang bilang na ito ay maaaring umabot ng hanggang 17% sa paglipas ng panahon.

Sa pagkatuto ng Filipino, ang mga kahirapang ito sa pag-aaral ay nagsisilbing hamon sa pagpapaunlad ng mabisang kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral. Dahil sa taglay na yaman at barayti ng wika sa bansa, ang pagtuturo ng Filipino ay dapat na ibagay at maging inklusibo upang matugunan ang magkakaibang pangangailangan ng bawat mag-aaral, lalo na ang mga nakararanas ng kahirapan sa basikong pag-aaral. Ang paglalapat ng mga hamon sa kaalaman ay dapat na maging mas nakakaengganyo at lapat sa pangangailangan ng bawat mag-aaral.

Sa kabilang banda, ang mabisang komunikasyon ay pundasyon ng pakikipag-ugnayan sa lipunan at tagumpay sa larang ng akademiko. Nangangailangan ito hindi lamang ng karunungan sa bokabularyo at gramatika, kundi pati na rin ng kakayahang maunawaan at magamit ang Filipino sa iba't ibang konteksto.

Ang pag-aaral na ito ay tungkol sa hamon sa basikong pag-aaral at paglalapat ng kaalaman sa kakayahang komunikatibo at angkop na kasanayan sa pagkatuto sa Filipino. Layunin nitong matukoy ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa kakayahang komunikatibo at angkop na kasanayan sa pagkatuto sa Filipino, na magtataguyod ng pagiging inklusibo at angat na mag-aaral sa proseso ng pagkatuto sa kabila ng mga nararanasang kahirapan.

**METODLOHIYA**

Gumamit ang pag-aaral ng isang deskriptibong metodong kwantitatibo upang siyasatin ang epekto ng mga hamon sa 71 mag-aaral na nakararanas ng mga hamon sa basikong pag-aaral at paglalapat, na walang medikal na dayagnosis. Ang mga tagatugon ay pinili gamit ang purposive sampling. Ang mga datos ay sinuri gamit ang mean, standard deviation, remarks, at verbal interpretation mula sa pananaw ng mga tagatugon. Ang disenyong ginamit ay deskriptibong paraan

**RESULTA AT TALAKAYAN**

Ang talahanayan 1 ay nagpapakita ng antas ng basikong pag-aaral at paglalapat ng mga hamon sa kaalaman batay sa Hamon sa Pagbasa (dyslexia) ayon sa Ponemikong kamalayan.

**Talahanayan 1 Antas ng Basikong Pag-aaral at Paglalapat ng mga Hamon sa Kaalaman Batay sa Hamon sa Pagbasa (Dyslexia) Ayon sa Ponemikong Kamalayan**

Mga Pahayag	Mean	SD	Remarks
Natutukoy ang dalawang salita kung ito ay magkatugma.	4.03	0.68	Sumasang-ayon
Naiintindihan ang kahulugan ng mga bagong salita na naririnig.	3.92	0.77	Sumasang-ayon
Nakikilala ang mga bagong salitang naririnig sa tamang konteksto.	4.06	0.73	Sumasang-ayon
Napabubuti ang kaalaman sa bokabularyo sa pamamagitan ng kamalayang ponemiko.	4.01	0.73	Sumasang-ayon
Nakabubuo ng sariling mga pangungusap o diskurso gamit ang mga bagong salita na naririnig.	4.04	0.73	Sumasang-ayon
<b>Weighted Mean</b>	<b>4.01</b>		
<b>SD</b>	<b>0.72</b>		
<b>Verbal Interpretation</b>	<b>Nailalapat</b>		

Sa lubhang mataas na antas ng pananaw ng mga tagatugon, Nakikilala ang mga bagong salitang naririnig sa tamang konteksto ay nakakuha ng (M=4.06, SD=0.73) na nilapatan ng interpretasyon na sumasang-ayon. Ang pahayag na nagkamit ng pinakamababang antas ay ang pananaw sa pahayag na Naiintindihan ang kahulugan ng mga bagong salita na naririnig na mayroong (M=3.92, SD=0.68) at nilapatan din ng interpretasyon na sumasang-ayon.

May kabuoang mean na 4.01, standard deviation na 0.72 at ipinapakita na ang antas ng basikong pag-aaral at paglalapat ng mga hamon sa kaalaman batay sa Hamon sa Pagbasa (dyslexia) ayon sa Ponemikong kamalayan ay may puna na sumasang-ayon at literal na nailalapat.

Ang talahanayan 2 ay nagpapakita ng antas ng basikong pag-aaral at paglalapat ng mga hamon sa kaalaman batay sa Hamon sa Pagbasa (dyslexia) ayon sa Palabigkasan.



**Talahanayan 2 Antas ng Basikong Pag-aaral at Paglalapat ng mga Hamon sa Kaalaman Batay sa Hamon sa Pagbasa (Dyslexia) Ayon sa Palabigkasan**

Mga Pahayag	Mean	SD	Remarks
Naaalala ang mga pangunahing konsepto ng palabigkasan gaya ng mga tunog, titik, at mga tuntunin sa pagbigkas.	4.10	0.70	Sumasang-ayon
Naiintindihan kung paano inoorganisa ang mga tunog at titik sa palabigkasan at kung paano ito naka-aapekto sa pagbigkas.	4.08	0.89	Sumasang-ayon
Napakikinabangan ang kaalaman sa palabigkasan sa pagbasa at naisusulat ito ng tama.	4.20	0.77	Sumasang-ayon
Nauuri ang mga pagkakaiba pagkakatulad ng mga tunog at titik sa iba't ibang salita batay sa mga tuntunin ng palabigkasan.	4.08	0.71	Sumasang-ayon
Nakalilikha ng mga halimbawa o gawain na nagpapakita ng tamang paggamit ng mga konsepto ng palabigkasan.	4.10	0.66	Sumasang-ayon
<b>Weighted Mean</b>	<b>4.11</b>		
<b>SD</b>	<b>0.70</b>		
<b>Verbal Interpretation</b>	<b>Nailalapat</b>		

Mula sa resulta sa talahanayan 2, ang mga mag-aaral ay nagbigay ng pananaw sa pahayag na Napakikinabangan ang kaalaman sa palabigkasan sa pagbasa at naisusulat ito ng tama na nagkamit ng pinakamataas na antas na mayroong (M=4.20, SD=0.77) at Nilapatan ng interpretasyon na sumasang-ayon. Sa kabilang banda, nagkamit naman ng pinakamababang antas ang pahayag na Nauuri ang mga pagkakaiba pagkakatulad ng mga

tunog at titik sa iba't ibang salita batay sa mga tuntunin ng palabigkasan na mayroon (M=4.08, SD=0.71) at nilapatan ng sumasang-ayon na interpretasyon.

Ang talahanayan 3 ay nagpapakita ng antas ng basikong pag-aaral at paglalapat ng mga hamon sa kaalaman batay sa Hamon sa Pagbasa (dyslexia) ayon sa Komprehensyon.

**Talahanayan 3 Antas ng Basikong Pag-aaral at Paglalapat ng mga Hamon sa Kaalaman Batay sa Hamon sa Pagbasa (Dyslexia) Ayon sa Komprehensyon**

Mga Pahayag	Mean	SD	Remarks
Nauunawaan ang mga pangunahing ideya at detalye sa aking nabasa.	4.13	0.65	Sumasang-ayon
Nakapagbubuo ng aking nabasa gamit ang sariling salita.	4.04	0.78	Sumasang-ayon
Nagagamit ang dating kaalaman at karanasan upang maunawaan at maiugnay ang mga bagong impormasyong aking nabasa.	4.01	0.67	Sumasang-ayon
Nasusuring mabuti ang layunin ng may-akda kapag nagbabasa ng isang sipi.	3.97	0.70	Sumasang-ayon
Nabibigyang-halaga ang paggamit ng mga pamamaraan sa pagbasa (tulad ng pagbubuo, pagtatanong, at paggawa ng mga koneksyonupang mapabuti ang pag-unawa sa mga teksto.	4.25	0.69	Lubos na sumasang-ayon
<b>Weighted Mean</b>	<b>4.08</b>		
<b>SD</b>	<b>0.70</b>		
<b>Verbal Interpretation</b>	<b>Nailalapat</b>		

Sa kabuoan, ang basikong pag-aaral at paglalapat ng mga hamon sa kaalaman batay sa hamon sa pagbasa (dyslexia) ay maituturing na may malaking gampanin sa pagpapayabong ng kakayahan ng bawat mag-aaral na nakararanas ng mga hamong nabanggit. Marapat na bigyang-pansin ang bawat hamon upang mapagtagumpayan ang mga ito.

Ang talahanayan 4 ay nagpapakita ng antas ng basikong pag-aaral at paglalapat ng mga hamon sa kaalaman batay sa Hamon sa Pagsulat (dysgraphia) ayon sa Pagbabaybay.



**Talahanayan 4 Antas ng Basikong Pag-aaral at Paglalapat ng mga Hamon sa Kaalaman Batay sa Hamon sa Pagsulat (Dysgraphia) Ayon sa Pagbabaybay**

Mga Pahayag	Mean	SD	Remarks
Naiisa-isa ng maayos at wasto ang pagbabaybay ng salita kapag gumagamit ng mga pamamaraang biswal katulad ng flashcards na may larawan.	4.21	0.65	Lubos na sumasang-ayon
Nauunawaan ang mga tuntunin ng pagbabaybay ng mga salita sa Filipino.	4.25	0.60	Lubos na sumasang-ayon
Nakagagamit ng mga pantulong na kagamitan (onlayn na pagbabaybay, diksyonaryo) upang makapagbaybay sa Filipino.	4.15	0.69	Sumasang-ayon
Naaanalisa ang mga pagkakaiba at pagkakapareho sa mga salita sa Filipino upang matutuhan ang tamang pagbabaybay.	4.11	0.64	Sumasang-ayon
Nakadarama ng kumpiyansa sa sarili dahil nakikita ang progreso sa pagbabaybay ng mga salita sa Filipino.	4.03	0.72	Sumasang-ayon
<b>Weighted Mean</b>	<b>4.15</b>		
<b>SD</b>	<b>0.66</b>		
<b>Verbal Interpretation</b>	<b>Nailalapat</b>		

Ang mga mag-aaral ay sumasang-ayon sa antas ng basikong pag-aaral at paglalapat ng mga hamon sa kaalaman batay sa Hamon sa Pagsulat (dysgraphia) ayon sa Pagbabaybay na Nauunawaan ang mga tuntunin ng pagbabaybay ng mga salita sa Filipino ay nakakuha ng (M=4.25, SD=0.60) at nilapatan ng interpretasyon na lubos na sumasang-ayon. Sa kabilang banda, Nakadarama ng kumpiyansa sa sarili dahil nakikita ang progreso sa pagbabaybay ng mga salita sa Filipino ay nakakuha ng may pinakamababang marka na mayroong (M=4.03, SD=0.72) at binigyan rin ng interpretasyon na sumasang-ayon.

Mula sa talahanayan, may kabuoang mean na 4.15 at standard deviation na 0.66 at ipinapapakiya na ang antas ng Basikong pag-aaral at paglalapat ng mga hamon sa kaalaman batay sa

Hamon sa Pagsulat (dysgraphia) ayon sa Pagbabaybay ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na nailalapat.

Maiuugnay ang resultang nakuha ayon kay Agta et al. (2023) sa pag-aaral na isinagawa ni Oliva, nabanggit na malaki ang naiambag ng pagbaybay sa buhay ng tao sapagkat sa pagbabaybay ay natuto tayong magbasa, magsulat ng mga letra at salita hanggang makabuo ng isang pangungusap.

Ang talahanayan 5 ay nagpapakita ng antas ng basikong pag-aaral at paglalapat ng mga hamon sa kaalaman batay sa Hamon sa Pagsulat (dysgraphia) ayon sa Paggamit ng malaking titik.

**Talahanayan 5 Antas ng Basikong Pag-aaral at Paglalapat ng mga Hamon sa Kaalaman Batay sa Hamon sa Pagsulat (Dysgraphia) Ayon sa Paggamit ng Malaking Titik**

Mga Pahayag	Mean	SD	Remarks
Naaalala ang mga tuntunin sa paggamit ng malaking letra sa Filipino.	4.34	0.65	Lubos na sumasang-ayon
Nakapagpapakita ng paraan kung paano nagagamit ng madalas ang mga tuntunin sa wastong paggamit ng malaking letra sa Filipino.	4.14	0.64	Sumasang-ayon
Nakapagbubukod sa pamantayan sa paggamit ng malaking letra.	4.17	0.76	Sumasang-ayon
Naniniwala na ang wastong paggamit ng malaking letra ay nagpapabuti sa kalinawan at propesyonalismo ng pagsusulat.	4.24	0.73	Lubos na sumasang-ayon
Natutukoy ng tama kung kailan gagamit ng malalaking titik sa mga titulo at pamagat.	4.28	0.64	Lubos na sumasang-ayon
<b>Weighted Mean</b>	<b>4.23</b>		
<b>SD</b>	<b>0.68</b>		
<b>Verbal Interpretation</b>	<b>Lubos na nailalapat</b>		

Ang tamang paggamit ng malalaking titik ay isang kritikal na aspeto ng pag-aaral ng wika na dapat bigyang-pansin upang mapabuti ang kahusayan sa pagsulat. Ang wastong paggamit ng malalaking titik ay hindi lamang nagpapakita ng kaalaman sa gramatika, kundi pati na rin ng respeto sa mga tuntunin ng wika.

Ang talahanayan 6 ay nagpapakita ng antas ng basikong pag-aaral at paglalapat ng mga hamon sa kaalaman batay sa Hamon sa Pagsulat (dysgraphia) ayon sa Pagbabantas.



**Talahanayan 6 Antas ng Basikong Pag-aaral at Paglalapat ng mga Hamon sa Kaalaman Batay sa Hamon sa Pagsulat (Dysgraphia) Ayon sa Pagbabantas**

Mga Pahayag	Mean	SD	Remarks
Napipili ang wastong bantas sa pagbuo ng iba't ibang anyo ng pangungusap.	4.14	0.62	Sumasang-ayon
Naiintindihan kung paano ang epektibong paggamit ng mga kuwit, tuldok, tandang pananong, at tandang padamdang sa mga sulatin.	4.11	0.69	Sumasang-ayon
Nakagagamit ng mga bantas nang tama upang mapahusay ang kalinawan ng pagsulat.	4.31	0.69	Lubos na sumasang-ayon
Nabibigyang-pansin ang wastong pagbabantas at tinitiyak ang katumpakan nito.	4.20	0.71	Sumasang-ayon
Nakabubuo ng mga pangungusap na may tamang pagbabantas.	4.11	0.77	Sumasang-ayon
<b>Weighted Mean</b>	<b>4.17</b>		
<b>SD</b>	<b>0.70</b>		
<b>Verbal Interpretation</b>	<b>Nailalapat</b>		

Maiuugnay ang resulta sa pag-aaral na isinagawa ni Busacay (2025), mula sa pananaliksik ni Awad, lumalabas na ang kadalasang pagkakamali sa pagbabantas ay ang sobrang paggamit ng kuwit kapalit ng tuldok, ang maling paggamit ng malaking titik, hindi wastong paggamit ng panipi, at ang kamalian sa paggamit ng tuldok-kuwit ay nagdudulot ng malaking hamon sa larangan ng kahusayan sa pagsulat.

Ipinakikita sa talahanayan 7 ang antas ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral batay sa pagtatasa ayon sa Pagbasang pagtatasa matapos matalakay ang Pinagsama-samang Basikong pag-aaral at paglalapat ng mga hamon sa kaalaman batay sa Hamon sa Pagsulat (dysgraphia).

**Talahanayan 7 Antas ng Kakayahang Komunikatibo ng mga Mag-aaral Batay sa Pagtatasa Ayon sa Pagbasang Pagtatasa**

Score	Pagbasang Pagtatasa		Descriptive Equivalent
	F	%	
9 – 10	1	1.41	Outstanding
7 – 8	8	11.27	Very Satisfactory
5 – 6	28	39.44	Satisfactory
3 – 4	19	26.76	Fairly Satisfactory
1 – 2	15	21.13	Did not meet Expectation
<b>Total</b>	<b>71</b>	<b>100</b>	
<b>Weighted Mean</b>	<b>4.38</b>		
<b>SD</b>	<b>1.91</b>		
<b>Verbal Interpretation</b>	<b>Satisfactory</b>		

Ang Talahanayan bilang pito ay nagpapakita ng Antas ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral batay sa pagtatasa ayon sa Pagbasang pagtatasa, sa kabuoang pitumpit isa na tagatugon, ang iskor na “5 hanggang 6” ay nakakuha ng pinakamataas na bahagdan na 39.44% o 28 na bilang na tagasagot na nilapatan ng kasiya-siya o satisfactory na katumbas na paglalarawan. Samantalang ang iskor na “9 hanggang 10” o isang tagatugon ay nakakuha ng pinakamababang bahagdan na 1.41% na nilapatan ng natatangi o outstanding. May kabuoang bigat na 4.38 at standard deviation na 1.91 na nangangahulugan kasiya-siya o satisfactory na katumbas na paglalarawan ang kabuoan ng talahanayan 9.

Ang kabuoang resulta ay nagpapakita lamang na may malaking gampanin ang kakayahang komunikatibo ng isang mag-aaral sa pagbasa na susi sa pagkakaroon ng kakayahan sa Filipino sa pamamagitan ng pagtatasa.

Ang talahanayan 8 ay nagpapakita naman ng antas ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral batay sa pagtatasa ayon sa Pasulat na pagtatasa matapos matalakay ang Pinagsama-samang Basikong pag-aaral at paglalapat ng mga hamon sa kaalaman batay sa Hamon sa Pagsulat (dysgraphia).



**Talahanayan 8 Antas ng Kakayahang Komunikatibo ng mga Mag-aaral Batay sa Pagtatasa Ayon sa Pasulat na Pagtatasa**

Score	Pasulat na Pagtatasa		Descriptive Equivalent
	F	%	
9 – 10	16	22.54	Outstanding
7 – 8	26	36.62	Very Satisfactory
5 – 6	24	33.80	Satisfactory
3 – 4	5	7.04	Fairly Satisfactory
1 – 2	0	0.00	Did not meet Expectation
<b>Total</b>	<b>71</b>	<b>100</b>	
<b>Weighted Mean</b>	<b>6.94</b>		
<b>SD</b>	<b>1.82</b>		
<b>Verbal Interpretation</b>	<b>Very Satisfactory</b>		

Ang kabuoang pagganap ng mga mag-aaral sa antas ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral batay sa pagtatasa ayon sa Pasulat na pagtatasa ay may kabuoang mean na 6.94 at standard deviation na 1.82 na nilapatan ng berbal na interpretasyon na lubos na kasiya-siya o very satisfactory na katumbas na paglalarawan.

Sa talahanayan bilang walo, ay nagpapakita ng Antas ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral batay sa Pagtatasa ayon sa Pasulat na Pagtatasa, sa kabuoang pitumput isa na tagatugon, ang iskor na “7 hanggang 8” ay nakakuha ng

pinakamataas na bahagdan na 36.62% o 26 na bilang na tagasagot na nilapatan ng lubos na kasiya-siya o very satisfactory na katumbas na paglalarawan. Samantalang ang iskor na “3 hanggang 4” o limang tagatugon ay nakakuha ng pinakamababang bahagdan na 7.04% na nilapatan ng bahagyang kasiya-siya o fairly satisfactory ang lapat na deskripsyon na paglalarawan sa talahanayan bilang 8.

Nakasaad sa talahanayan 9 ang Antas ng pagkatuto sa Filipino batay sa Performance task ayon sa Pagbasang Gawain.

**Talahanayan 9 Antas ng Pagkatuto sa Filipino Batay sa Performance Task Ayon sa Pagbasang Gawain**

Score	Pagbasang Gawain		Descriptive Equivalent
	F	%	
13 – 15	46	64.79	Outstanding
10 – 12	23	32.39	Very Satisfactory
7 – 9	2	2.82	Satisfactory
4 – 6	0	0.00	Fairly Satisfactory
1 – 3	0	0.00	Did not meet Expectation
<b>Total</b>	<b>71</b>	<b>100</b>	
<b>Weighted Mean</b>	<b>13.08</b>		
<b>SD</b>	<b>1.756</b>		
<b>Verbal Interpretation</b>	<b>Outstanding</b>		

Sa talahanayan bilang 9, ay nagpapakita ng Antas ng pagkatuto sa Filipino batay sa Performance task ayon sa Pagbasang Gawain, sa kabuoang pitumput isa na tagatugon, ang iskor na “13 hanggang 15” ay nakakuha ng pinakamataas na bahagdan na 64.79% o 46 na bilang na tagasagot na nilapatan ng natatangi o outstanding na katumbas na paglalarawan. Samantalang ang iskor na “7 hanggang 9” o dalawang tagatugon ay nakakuha ng pinakamababang bahagdan na 2.82% na nilapatan ng kasiya-siya o satisfactory ang deskripsyon ng berbal na interpretasyon na paglalarawan sa talahanayan bilang 9.

Batay sa pangkalahatang datos, may karampatang bigat na 13.08 at standard deviation na 1.756 ang Antas ng pagkatuto sa Filipino batay sa Performance task ayon sa Pagbasang Gawain na kung saan nilapatan ito ng berbal na interpretasyon na natatangi o outstanding.

Ipinakikita sa talahanayan 10 ang Antas ng pagkatuto sa Filipino sa Performance task ayon sa Pasulat na Gawain.



**Talahanayan 10 Antas ng Pagkatuto sa Filipino Batay sa Performance Task Ayon sa Pasulat na Gawain**

Score	Pasulat na Gawain		Descriptive Equivalent
	F	%	
13 – 15	27	38.03	Outstanding
10 – 12	35	49.30	Very Satisfactory
7 – 9	9	12.68	Satisfactory
4 - 6	0	0.00	Fairly Satisfactory
1 - 3	0	0.00	Did not meet Expectation
<b>Total</b>	<b>71</b>	<b>100</b>	
<b>Weighted Mean</b>	<b>11.89</b>		
<b>SD</b>	<b>1.712</b>		
<b>Verbal Interpretation</b>	<b>Very Satisfactory</b>		

Mula sa resulta sa talahanayan 10, pinakita ang may mataas na antas ng pagkatuto sa Filipino batay sa Performance task ayon sa Pasulat na Gawain, ang iskor na “10 hanggang 12” ay nakakuha ng pinakamataas ba bahagdan na 49.30% o 35 bilang na tagasagot na may berbal na interpretasyon na lubos na kasiya-siya o very satisfactory na katumbas na paglalarawan. Nagkamit naman ng pinakamababang bahagdan ang iskor na mula “7 hanggang 9” na 12.68% at may berbal na interpretasyon na kasiya-siya o satisfactory na kinapapalooban ng 9 na tagatugon.

May kabuoang mean na 11.89 at standard deviation na 1.712 na nilapatan ng berbal na interpretasyon na lubos na kasiya-siya o very satisfactory.

Ang sumusunod na talahanayan ay nagpapakita ng mga hamon sa Pagbasa (Dyslexia) mula sa pananaw ng mga tagatugon na ginamitan ng t-value at p-value upang masukat ang epekto ng mga hamon sa kakayahang komunikatibo at kasanayan sa Pagkatuto sa Filipino batay sa Performance Task.

Nakapaloob sa Talahanayan bilang 11 ang Makabuluhang Epekto sa Pagitan ng Basikong Pag-aaral at Paglalapat ng mga Hamon sa Kaalaman Batay sa Hamon sa Pagbasa (Dyslexia) sa Kakayahang Komunikatibo ng mga Mag-aaral Batay sa Pagtatasa at Kasanayan sa Pagkatuto sa Filipino Batay sa Performance Task.

**Talahanayan 11 Makabuluhang Epekto sa Pagitan ng Basikong Pag-aaral at Paglalapat ng mga Hamon sa Kaalaman Batay sa Hamon sa Pagbasa (Dyslexia) sa Kakayahang Komunikatibo ng mga Mag-aaral Batay sa Pagtatasa at Kasanayan sa Pagkatuto sa Filipino Batay sa Performance Task**

Hamon sa Pagbasa (Dyslexia)		Kakayahang Komunikatibo		Kasanayan sa Pagkatuto sa Filipino	
		Pagtatasa		Performance Task	
		Pagbasa	Pasulat	Pagbasang Gawain	Pasulat na Gawain
Ponemikong Kamalayan	t-value	0.699	0.713	2.044*	-0.237
	p-value	0.487	0.478	0.045	0.813
	N	71	71	71	71
	Analysis	Not Sig	Not Sig	Sig	Not Sig
Palabigkasan	t-value	1.889	1.778	1.125	0.361
	p-value	0.063	0.08	0.265	0.72
	N	71	71	71	71
	Analysis	Not Sig	Not Sig	Not Sig	Not Sig
Komprehensiyon	t-value	1.1	1.627	1.965*	0.361
	p-value	0.275	0.108	0.053	0.719
	N	71	71	71	71
	Analysis	Not Sig	Not Sig	Not Sig	Not Sig

Ang talahanayan bilang 11 ay nagpakita ng makabuluhang epekto sa pagitan ng basikong pag-aaral at paglalapat ng mga hamon sa kaalaman batay sa hamon sa pagbasa (dyslexia) sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral batay sa pagtatasa at kasanayan sa pagkatuto sa Filipino batay sa performance task. Ang datos ay ginamitan ng istadistikang pamamaraan na nagresulta ng tinuos na t-value at p-value ay nagpahiwatig na ang Ponemikong Kamalayan, Palabigkasan, at Komprehensiyon ay nagpakita na ang gawain sa pagbabasa

(Pagbasang Gawain) ay nagbunga ng makabuluhang t-value na 2.044 na may p-value na 0.045, na nagpahiwatig ng makabuluhang epekto sa istatistika ng ponemikong kamalayan sa mga kalahok. Gayunpaman, ang iba pang mga gawain tulad ng pagtatasa, gawain sa pagganap, at gawain sa pagsulat ay hindi nagpakita ng mga makabuluhang pagkakaiba, na may mga p-values na higit sa 0.05. Para sa Palabigkasan, wala sa mga gawain, kabilang ang pagtatasa, gawain sa pagganap, gawain sa pagbasa, at gawain sa pagsulat, ang nagpakita ng



makabuluhang epekto, dahil ang lahat ng p-values ay higit sa 0.05. Kaugnay nito, sa seksyong Komprehensiyon, wala sa mga gawain ang nagpakita ng makabuluhang pagkakaiba, bagama't ang gawain sa pagbabasa ay may t-value na 1.965 at isang p-value na 0.053, na malapit sa kabuluhan ngunit hindi naabot ang hangganan. Sa pangkalahatan, ang datos ay nagmumungkahi na habang may makabuluhang pagkakaiba sa ponemikong kamalayan sa panahon ng gawain sa pagbabasa, ang ibang mga sakop at gawain ay hindi nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba sa istatistika, na nagpahiwatig na ang mga gawaing ito ay maaaring hindi epektibong masukat ang mga pagkakaiba sa mga kasanayan sa pagbigkas at pag-unawa sa mga kalahok.

Ang pagpapataas sa laki ng sampol o pagdaragdag ng higit pang mga prediktor ay maaaring makatulong na makamit ang mas makabuluhang mga resulta. Sa pangkalahatan, hindi gaanong ipinapaliwanag ng kasalukuyang mga baryabol ang pagkakaiba sa pangkalahatang nakasulat na mga marka ng pagtatasa.

Sa pangkalahatan, ang kasalukuyang mga baryabol ay may makabuluhang epekto ang basikong pag-aaral at paglalapat ng

mga hamon sa kaalaman batay sa Hamon sa Pagbasa (dyslexia) sa kakayahang komunikatibo at kasanayan sa Pagkatuto sa Filipino ay tanggapin, at ipinapakita nito na walang epekto sa pagitan ng bawat isa at hindi nagpapaliwanag ng malaking halaga ng pagkakaiba sa pangkalahatang nakasulat na mga marka ng pagtatasa.

Ang sumusunod na talahanayan ay nagpapakita ng mga hamon sa Pagsulat (Dysgraphia) mula sa pananaw ng mga tagatugon na ginamitan ng t-value at p-value upang masukat ang epekto ng mga hamon sa kakayahang komunikatibo at kasanayan sa Pagkatuto sa Filipino batay sa Performance Task.

Nakapaloob sa Talahanayan bilang 12 ang Makabuluhang Epekto sa Pagitan ng Basikong Pag-aaral at Paglalapat ng mga Hamon sa Kaalaman Batay sa Hamon sa Pagsulat (Dysgraphia) sa Kakayahang Komunikatibo ng mga Mag-aaral Batay sa Pagtatasa at Kasanayan sa Pagkatuto sa Filipino Batay sa Performance Task.

**Talahanayan 12 Makabuluhang Epekto sa Pagitan ng Basikong Pag-aaral at Paglalapat ng mga Hamon sa Kaalaman Batay sa Hamon sa Pagsulat (Dysgraphia) sa Kakayahang Komunikatibo ng mga Mag-aaral Batay sa Pagtatasa at Kasanayan sa Pagkatuto sa Filipino Batay sa Performance Task**

Hamon sa Pagsulat (Dysgraphia)		Kakayahang Komunikatibo		Kasanayan sa Pagkatuto sa Filipino	
		Pagtatasa		Performance Task	
		Pagbasa	Pasulat	Pagbasang Gawain	Pasulat na Gawain
Pagbabaybay	t-value	0.017	1.349	0.68	0.624
	p-value	0.986	0.182	0.499	0.535
	N	71	71	71	71
	Analysis	Not Sig	Not Sig	Not Sig	Not Sig
Paggamit ng Malaking Titik	t-value	1.773	1.965	0.949	0.578
	p-value	0.081	0.053	0.346	0.565
	N	71	71	71	71
	Analysis	Not Sig	Not Sig	Not Sig	Not Sig
Pagbabantas	t-value	1.135	0.583	-0.63	-0.216
	p-value	0.26	0.562	0.531	0.83
	N	71	71	71	71
	Analysis	Not Sig	Not Sig	Not Sig	Not Sig

Batay sa mga natuklasan mula sa pagsusuri ng datos sa 0.05 level ng kahalagahan, ang palagay na walang makabuluhang epekto (null hypothesis) sa pagitan ng basikong pag-aaral at paglalapat ng mga hamon sa kaalaman batay sa hamon sa pagsulat (dysgraphia) at kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral batay sa pagtatasa at kasanayan sa pagkatuto sa Filipino batay sa performance task ay tinanggap. Walang makabuluhang epekto ang mga baryabol (ponemikong kamalayan, palabigkasan, at komprehensyon) sa kabuoang pasulat na gawaing iskor na nakamit. Ang intercept lamang ang nagpakita ng makabuluhang epekto, ngunit hindi ito sapat upang masabi na may makabuluhang epekto ang buong modelo. Kaya, ang palagay na walang makabuluhang epekto ay tinatanggap, na nagpapakita na walang makabuluhang epekto sa pagitan ng mga malayang baryabol at ng hindi malayang baryabol.

**Konklusyon at Rekomendasyon**

**Konklusyon**  
 Sa pagbibigay-linaw ng lagom ng mga natuklasan, ang mga sumusunod na konklusyon ay nabuo.  
 May makabuluhang epekto sa pagitan ng basikong pag-aaral at paglalapat ng mga hamon sa kaalaman batay sa Hamon sa Pagbasa (dyslexia) sa kakayahang komunikatibo at kasanayan sa pagkatuto sa Filipino ng mga mag-aaral ay di-tinatanggap. Ang resulta ng pag-aaral ay nagpapakita na ang paggamit ng basikong pag-aaral at ang paglalapat ng mga hamon sa kaalaman ay may epekto sa mga mag-aaral na nakararanas ng hamon pagdating sa kanilang kakayahang komunikatibo sa Filipino. Ang pagtanggap sa haypotesis na ito ay nagpapahiwatig na may natagpuang makabuluhang pagkakaiba sa mga pamamaraan ng pagtuturo na sinuri, batay sa mga performance task na ginamit sa pagtatasa.



Samantalang, walang makabuluhang epekto ang basikong pag-aaral at paglalapat ng mga Hamon sa Pagsulat (dysgraphia) sa kakayahang komunikatibo at kasanayan sa Pagkatuto sa Filipino ang haypoteses ay tinatanggap na kung saan, hindi ito nangangahulugang walang epekto, ngunit sa halip na ang pag-aaral ay hindi nakatukoy na maaaring dahil sa iba't ibang salik na nakapaloob sa isinagawang pag-aaral.

### Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan at konklusyon na nabuo, ang mga sumusunod ay inirekomenda:

1. Ang mga guro sa Filipino ay maaaring palawakin ang saklaw ng pagtuturo sa pamamagitan ng pagdaragdag ng iba't ibang estratehiya upang mas matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral, lalo na sa aspeto ng Ponemikong Kamalayan, Palabigkasan, at Komprehensyon. Gayundin, dapat magbigay ng karagdagang suporta at interbensyon para sa mga mag-aaral na may kahinaan sa pagbasa, tulad ng mga may dyslexia, upang mas mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagbasa at pagsulat.
2. Bigyang pansin ng mga guro ang mga hamon sa basikong pag-aaral at paglalapat ng kaalaman batay sa Hamon sa Pagbasa (dyslexia) at Hamon sa Pagsulat (dysgraphia). Sa ganitong paraan, hindi makakaramdam ng kakulangan ang bawat mag-aaral at malalapatan ng epektibong estratehiya at pamamaraan sa proseso ng pagkatuto at pagtuturo ang bawat hamong nabanggit.
3. Magkaroon ng masusing pag-aanalisa sa mga hamong kinahaharap ng bawat mag-aaral upang matugunan ang mga pangangailangan sa basikong pag-aaral at paglalapat ng kaalaman batay sa Hamon sa Pagbasa (dyslexia) at Hamon sa Pagsulat (dysgraphia).
4. Paigtingin ang mga programang nakaangkla sa pagbasa at pagsulat upang mas mapalakas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pakikipagkomunikasyon.
5. Upang lalong mapataas ang kasanayan sa pagkatuto sa Filipino, magkaroon ng mga gawaing interaktibo na lalahukan ng mga mag-aaral upang mapahusay ang kanilang kasanayang makisangkot.
6. Para sa mga susunod na mananaliksik, hinihikayat na magsagawa pa ng mga kaugnay na pag-aaral upang makalikha o maging batayan ang iba pang kasangkapan sa pagtuturo na may kinalaman sa pagbasa at pagsulat.

### SANGGUNIAN

- 1) Agta, M. (2023). *ANTAS NG KASANAYAN SA WASTONG PAGBABAYBAY SA KAPANGAN NATIONAL*  
[https://www.academia.edu/112479679/ANTAS\\_NG\\_KASANAYAN\\_SA\\_WASTONG\\_PAGBABAYBAY\\_SA\\_KAPANGAN\\_NATIONAL\\_HIGH](https://www.academia.edu/112479679/ANTAS_NG_KASANAYAN_SA_WASTONG_PAGBABAYBAY_SA_KAPANGAN_NATIONAL_HIGH)
- 2) Bhatt, P. (2020, December). *Mobile Application for Dysgraphia, Surface*
- 3) Busacay, A. L., Jaravata, M. T., Malanom, M. V., Mamuyac, C. E., Jr, & Eguia,